

Pagpapala sa Nagsisisi

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Sir 35:12-14. 16-18)

Ang Panginoon ng Katarungan

ANG PANGINOON ay Diyos ng katarungan, wala siyang itinatanging sinuman. Hindi siya kumikiling kaninuman laban sa mahirap, sa halip, agad niyang dinirinig ang naaapi. Lagi niyang dinirinig ang daing ng ulila, at ang pagsusumamo ng balong nagsasaysay ng nangyari sa kanya.

Ang Panalangin ng mga Aba

Kinalulugdan ng Diyos ang naglilingkod sa kanya nang buong puso, ang panalangin nito'y agad nakaaabot sa langit. Ang dalangin ng mapagpakumbaba ay lumalampas sa mga ulap at hindi tumitigil hanggang di dumarating sa kinauukulan, hindi humihinto hanggang di pinapansin ng Kataas-taasan, at iginagawad ang katarungan sa nasa katuwiran.

Tema: Panalangin ng Aba

PAGPAPALIWANAG

- Ang aklat ni Sirac ay isa sa mga aklat na Deuterocanonico sa Lumang Tipan.
- Ang pahayag ay nahahati sa dalawang bahagi:
-Unang bahagi. Ang Panginoon ng hustisya (bb. 12-14).
-Ikalawang bahagi. Ang panalangin ng mga mabababa (bb. 16-18).
- Sa b.12, ang Panginoon ng hustisya ay walang pinapanigan.
- Sa b.13, kung sakaling mayroon siyang pinapanigan, ito ay ang mga mahihina at ang mga naaapi.



- Ang pinapanigan din ng Panginoon ay ang mga ulila at mga balo (b.14).
- Ang bb. 20-22 ay tumatalakay sa panalangin ng mga mabababa: pinakikinggan (ng Panginoon), kahilingan ay pumupunta sa langit, tumatagos sa alapaap, hindi nagpapahinga, hanggang sa makamit nito ang minimithi at hindi ito humihinto hanggang sa pagtugon ng Panginoon.

PAGNINILAY

Panginoon Siya ng hustisya. Tinitingnan niya ang pangangailangan ng mga mahihirap at mga naaapi. Siya ay may natatanging pagmamahal sa mga mahihirap, mga ulila, at mga balo, nakikinig at nagbibigay-pansin sa kanilang mga panalangin at kahilingan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 33)

**DUKHANG SA D'YOS TUMATAWAG AY
KANYANG INILILIGTAS.**

IKALAWANG PAGBASA (2Tim 4:6-8. 16-18)

Ang Hangarin ni Pablo

PINAKAMAMAHAL KO, 'ako'y iaalay na; dumating na ang oras ng pagpanaw ko

sa buhay na ito: ⁷puspusan akong lumaban sa paligsahan. Natapos ko na ang dapat kong takbuhin. Nanatili akong tapat sa pananampalataya. ⁸Kakamtanko na ang korona ng pagtatagumpay. At sa Araw na yaon, ang Panginoon na siyang makatarungang hukom, ang magpuputong sa akin ng korona, hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng nananabik sa muli niyang pagparito.

Abandonado

¹⁶Walang sumama sa akin nang una akong humarap sa hukuman. Pinabayaan nila akong mag-isa. Patawarin nawa sila ng Diyos.

Pagliligtas ng Diyos

¹⁷Ngunit pinatnubayan ako ng Panginoon at binigyan ng lakas upang maipahayag sa mga Hentil ang salita; naligtas ako sa tiyak na kapahamakan. ¹⁸Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa lahat ng kasamaan at siya rin ang maghahatid sa akin sa kanyang kaharian sa langit. Purihin nawa siya magpakailanman. Amen.

Tema: Ang Tulong ng Diyos

PAGPAPALIWANAG

- Sa b.6 si Pablo na nagpapaubaya na mamatay, ay nakakulong.
- Sa b.7 tinuturing ni Pablo ang kanyang kamatayan bilang katapusan ng kanyang pakikipagsapalaran o karera. Wala nang mga pagsubok, mga argumento, lubos na kapaguran, at iba pa.
- Sa b.8 ipinapakita ang mga nakamtan ni Pablo (karangalan ng pagiging karapat dapat).
- Mayroon ding karangalan para sa iba na naghahangad sa presensiya ng Panginoon.
- Sa b.16, si Pablo ay nakaramdam ng pag-iisa habang siya ay nasa paglilitis. Walang sinuman ang pumunta sa kanya upang siya’y tulungan at ipagtanggol.
- Hiniling niyang huwag nawang maparusahan ang mga dapat magtanggol sa kanya.
- Sa b.17 binigyang-pansin niya ang presensiya ng Panginoon.

- Ang presensiya ng Panginoon ay aktibo at nagpapalakas sa kanya.
- Kahit sa mga huling sandali ng kanyang buhay, itinuring ni Pablo ang kanyang sarili bilang instrumento ng Salita ng Diyos.
- Sa b.18, ipinapakita ang pagpapakahulugan ni Pablo sa “pagsagip”. Dito, ang pagsagip ay nangangahulugan ng pagligtas ng Panginoon sa kanya laban sa mga bagay na hindi makapagdadala sa kanya sa langit (hindi pagsagip mula sa pagkakakulong at kamatayan).

PAGNINILAY

Hindi natin maiiwasan ang kamatayan. Kung tayo ay naniniwala kay Kristo, hindi ito nangangahulugang hindi na tayo kailan pa man mamamatay o makakaiwas sa mga pagdurusa at pag-iisa. Kagaya ni Pablo, kailangan nating tingnan ang kamatayan bilang katapusan ng ating pakikipagsapalaran at mga suliranin. Magagawa natin ito kung mayroon tayong malalim na buhay-panalangin.

MABUTING BALITA (Lc 18:9-14)

Pasiuna

NOONG panahong iyon, sinabi ni Hesus ang talinhagang ito sa mga taong ang tingin sa sarili’y matuwid at humahamak naman sa iba. “May dalawang lalaking pumanhik sa templo upang manalangin: ang isa’y Pariseo at ang isa nama’y publikano.

Ang Pariseo

Tumindig ang Pariseo at pabulong na nanalangin ng ganito: ‘O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo pagkat hindi ako katulad ng iba—mga magnanakaw, mga magdaraya, mga mangangalunya—o kaya’y katulad ng publikanong ito. Makalawa akong nag-aayuno sa loob ng sanlinggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinikita.’

Ang Publikano

Samantala, ang publikano’y nakatayo

sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit, kundi dinadagukan ang kanyang dibdib, at sinasabi: ‘O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!’

Pagtatapos

Sinasabi ko sa inyo: ang lalaking ito’y umuwing kinalulugdan ng Diyos, ngunit hindi ang isa. Sapagkat ang sinumang nagpapakataas ay ibababa, at ang nagpapakababa ay itataas.”

Tema: Huming ng Habag

PAGPAPALIWANAG

- Ang Ebanghelyo ay tungkol sa Pariseo at sa maniningil ng buwis (Publikano).
- Ito ay ipinatutungkol sa mga mapagmataas (mga Pariseo).
- Ang Pariseo ay ikinukumpara sa maniningil ng buwis sa konteksto ng kanilang buhay-panalangin.
- Ang buhay-panalangin ay natutukoy kung saan sila nanggaling kahit na kapwa sila nasa Templo ng Jerusalem.
- Ang b.11 ay naglalarawan kung paano nananalangin ang Pariseo: ginagamit ang kanyang katayuan (upang igalang o kilalanin), kinamumunghian ang iba, inilalahad ang kanyang mga nakamit.
- Ang b.13 ay naglalarawan kung paano manalangin ang maniningil ng buwis: Nakatayo lamang sa malayo (hindi naghahangad na mapansin), hindi man lamang makataas ng mga mata (pakiramdam ng pagiging hindi karapat dapat), nagpupukpok sa dibdib (humihingi ng kapatawaran sa pagtalikod sa Diyos), Humihingi ng awa at kapatawaran, at inaamin ang kanyang pagiging makasalanan.
- Ang b.14 ay nagsasaad na tinatanggap ng Diyos ang panalangin ng maniningil ng buwis at siya ay umuwing napawalang-sala (dahil kinalugdan siya ng Panginoon); Ipinagsawalang-bahala ng Diyos ang panalangin ng Pariseo.
- Aral: Kailangan nating magpakumbaba kung tayo ay lumalapit sa Panginoon.

PAGNINILAY

Tuwing nagdarasal, kailangan nating magpakumbaba. Hindi natin kailangang ipaalala sa Panginoon ang ating mga nakamitan at ang kasalanan o kapalpakan ng iba. Hindi tinatanggap ng Panginoon ang panalangin ng mga hindi umaamin sa kanilang mga kasalanan at pagkukulang.

II. PAG-UUGNAY

Tinuturuan tayo ng Unang Pagbasa na ang panalangin ng mapagkumbaba ay katanggap-tanggap sa Panginoon.

Tinuturuan tayo ng Ikalawang Pagbasa na kasama natin ang Panginoon sa panahon ng ating pagsubok. Hindi tayo nag-iisa sa ating mga pagdurusa. Katulad ni San Pablo, kailangan nating kilalanin ang presensiya ng Panginoon. Ito ang panalangin.

Sa Ebanghelyo, tinuturuan tayong magpakumbaba kapag tayo ay nananalangin.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ibahagi ang mga pagkakataon na kailangan mong manalangin nang taimtim? Ano ang dahilan?

Pagpapaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin ni Robert Francis Ducado

(Pangwakas na Panalangin)